Mensahe Anim

## Ang Prinsipyo ng Pagiging Kaisa ng Diyos gaya ng Inihayag sa Aklat ng Jeremias

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 2:8-9, 16-17;
Jer. 2:13; 15:16, 19; 23:5-6; 31:31-34; 40:5-6, 13-14

**I. Ang naisin ng Diyos na maging kaisa ang tao at ang tao na maging kaisa Niya ay makikita sa pagkakapareho ng Diyos at tao sa kanilang mga larawan at mga wangis:**

A. Walang "sangkatauhan" ang nilikha ng Diyos sa Kanyang paglikha; sa halip, ang nilikha ng Diyos ay ayon sa Kanyang sariling uri, yaon ay, ang uri ng Diyos; nilikha ng Diyos ang tao na may hininga ng buhay para sa isang espiritu upang makaugnay Siya ng tao at matanggap Siya—Gen. 1:24-26; 2:7.

B. Sa Genesis 18:2-13, tatlong tao ang nagpakita kay Abraham; isa sa mga taong ito ay si Kristo—si Jehovah—at ang dalawa ay mga anghel (19:1); ito ay nangangahulugan na dalawang libong taon bago ang Kanyang pagkakatawang-tao, ang Diyos ay nagpakita bilang isang tao nang dinalaw Niya ang Kanyang kaibigang si Abraham—2 Cro. 20:7; Isa. 41:8; Sant. 2:23.

C. Ang anghel ng Diyos (ang Diyos, si Jehovah, isang tao ng Diyos—si Kristo) ay nagpakita kay Manoah at sa kanyang asawa bago ang pagkakatawang-tao ni Kristo—Huk. 13:3-6, 22-23.

D. Nakita ni Daniel ang isang pangitain ni Kristo bilang ang Anak ng Tao bago ang pagkakatawang-tao ni Kristo; ayon sa Daniel 7:13-14, nakita ni Daniel ang Anak ng Tao na dumarating na nasa mga alapaap ng langit at Siya ay lumapit sa Matanda ng Mga Araw—ang Diyos ng walang-hanggan—at iniharap Siya sa Kanya; binigyan Siya ng kapamahalaan, kaluwalhatian, at isang kaharian, na ang lahat ng mga bayan, mga bansa, at mga wika ay maglingkod sa Kanya; ang Kanyang kapamahalaan ay isang walang hanggang kapamahalaan, na hindi lilipas, at ang Kanyang kaharian ay hindi mawawasak.

E. Si Adam ay isang tipolohiya, isang sagisag, ni Kristo—Roma 5:14.

F. Si Kristo ay ang larawan ng Diyos na di-nakikita—Col. 1:15.

G. Ang Salita (ang Diyos) ay naging laman (Juan 1:14), na dumating sa anyo ng laman ng kasalanan (Roma 8:3) at hindi nagtataglay ng kasalanan ng laman (2 Cor. 5:21; Heb. 4:15).

H. Si Kristo, na umiiral sa anyo ng Diyos, ay kinuha ang anyo ng isang alipin, naging nasa wangis ng mga tao at nasumpungan sa anyo ng tao, sa Kanyang pagkakatawang-tao—Fil. 2:6-8.

I. Nakita ni Esteban ang kalangitan na nabuksan at ang Anak ng Tao—si Kristo—na nasa kanan ng Diyos (Gawa 7:56); ito ay nagpapahiwatig na pagkatapos ng pag-akyat ni Kristo sa kalangitan, Siya ay Anak ng Tao pa rin (tingnan ang *Mga Himno,* #132).

J. Sa Mateo 26:64, sinabi ng Panginoong Hesus, "Makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanan ng Kapangyarihan [ang Diyos] at pumaparitong nasa mga alapaap ng langit"; ipinakikita nito na sa pagbabalik ng Panginoong Hesus, Siya ay ang Anak ng Tao pa rin.

K. Sa Roma 8:29, sinasabi sa atin ni Pablo na ang mga yaong nakilala ng Diyos noong una pa (tayong mga mananampalataya), ay itinalaga naman Niya na mapawangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ay maging ang Panganay sa maraming magkakapatid; sa

pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muli upang gawin tayong Kanyang maraming kapatid, tayo ay naging isang bagong uri, "Diyos-taong uri."

L. Sinasabi sa 2 Corinto 3:18, "Tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at umaaninag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay natratransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoong Espiritu"; ang Roma 12:2a ay nagsasalita hinggil sa ating pagiging natransporma sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan.

M. Ang Filipos 2:15 ay nagsasalita hinggil sa ating pagiging walang kapintasan at walang daya, mga anak ng Diyos na walang dungis sa gitna ng isang liko at masamang henerasyon, na sa gitna nila ay nagliliwanag tayo tulad ng mga luminaryo sa sanlibutan.

N. Babaguhing-anyo ng Panginoong Hesu-Kristo ang katawan ng ating pagkamababa upang mapawangis sa katawan ng Kanyang kaluwalhatian, ayon sa Kanyang paggawa na sa pamamagitan nito ay Kanyang ipapailalim ang lahat ng bagay sa Kanya—3:21.

O. Kapag si Kristo ay maipakita, tayo ay magiging katulad Niya nang buo, sakdal, at ganap, sapagkat makikita natin Siya gaya ng Kanyang sarili—1 Juan 3:2b.

P. Ang lahat ng ito ay mapasusukdol sa Bagong Herusalem; sinasabi sa Apocalipsis 4:3, "Siya [ang Diyos] na nakaupo ay tulad sa isang batong jaspe"; ang anyo ng Diyos, ang Isa na nakaupo sa trono, ay gaya ng jaspe.

Q. Ayon sa Apocalipsis 21, ang liwanag ng Bagong Herusalem ay gaya ng isang napakahalagang bato, gaya ng isang batong jaspe (b. 11b); ang gawaing pagtatayo ng pader nito ay jaspe, at ang unang pundasyon ng pader ay jaspe rin (bb. 18a, 19):

1. Sa kalaunan, ang Diyos at ang tao, ang tao at ang Diyos, ay pawang magtataglay ng anyo ng jaspe; kaya, ang konklusyon at kasukdulan ng Biblia ay ang Bagong Herusalem—ang pagkadibino na naihalo sa pagkatao; ang pagkadibino ay magiging ang pinananahanang lugar ng pagkatao, at ang pagkatao ay magiging ang tahanan ng pagkadibino.
2. Sa lunsod na ito, ang kaluwalhatian ng Diyos ay nahahayag sa tao, maliwanag at marilag; ngayon tayo ay nasa proseso ng pagpapaging-diyos upang maging ang Bagong Herusalem at upang taglayin ang parehong anyo ng Diyos—ang jaspe—bb. 11, 23.
3. Sa katapusan ng kapanahunang ito, itinuturo at ipinapahayag natin ang katotohanan na ang Diyos ay naging isang tao upang gawin ang tao na Diyos, na katulad Niya sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa Pagka-Diyos; isang malaking pagpapala na marinig ang katotohanang ito.
4. Sa kalaunan, ang mga Diyos-tao ay magiging mga matagumpay, ang mga mandaraig, ang Zion sa loob ng Herusalem; ang pagkakaroon ng isang Diyos-taong pamumuhay sa lahat ng mga detalye ng ating pang-araw-araw na buhay ang magdadala ng isang bagong pagpapanauli na kailanman ay hindi pa nakita sa kasaysayan, at ito ang tatapos sa kapanahunang ito—basahin ang Mga Awit 48:2 at talababa 1.

**II. Ipinakikita sa atin ng aklat ng Jeremias ang prinsipyo ng pagiging kaisa ng Diyos:**

A. Ang prinsipyo ng pagiging kaisa ng Diyos, na siyang prinsipyo ng puno ng buhay, laban sa prinsipyo ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay makikita sa Jeremias 2:13, na naghahayag ng dalawang pangunahing kasalanan ng bayan ng Diyos:

1. Ang unang kasalanan ay ang pagwaksi kay Jehovah bilang ang bukal, ang pinagmumulan, ng mga buháy na tubig; ang ikalawang kasalanan ay ang paggawa para sa kanilang sarili ng mga sirang tipunan na hindi makapaglaman ng tubig.

2. Ang prinsipyo sa Biblia ay yaong ayaw ng Diyos na ang Kanyang piniling bayan ay kumuha ng anumang bagay maliban sa Kanya bilang kanilang pinagmumulan; sa paglagay sa tao sa harapan ng puno ng buhay, na sumasagisag sa Diyos bilang buhay, ipinahihiwatig ng Diyos na ninais Niya na ang tao ay makibahagi sa puno ng buhay, hindi sa anupamang bagay; ang makibahagi sa puno ng buhay ay ang kunin ang Diyos bilang ating namumukod-tanging pinagmumulan, bilang ating pinanggagalingan ng lahat ng bagay—Gen. 2:8-9.
3. Ang ikalawang kasalanan ay isang bagay ng ng bayan ng Diyos na hindi nagtitiwala sa Diyos kundi pagtitiwala sa kanilang mga sarili na gawin ang anumang kaya nilang gawin upang gumawa ng isang bagay sa pamamagitan ng kanilang mga sarili para sa kanilang sariling katamasahan; ang kasalanan ay ang iwaksi ang Diyos at gumawa ng bagay sa pamamagitan ng ating sarili at para sa ating sarili.
4. Ipinapakita ng dalawang pangunahing kasalanang ito ang puno ng buhay, na sumasagisag sa Diyos, at ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama, na sumasagisag kay Satanas (bb. 8-9, 16-17); ang Israel ay nalihis mula sa puno ng buhay tungo sa puno ng kaalaman, mula sa bukal ng mga buháy na tubig tungo sa mga tipunan ng tubig (mga diyos-diyosan).

B. Inilagay ng Diyos ang tao sa harapan ng puno ng buhay, ipinahihiwatig ang Kanyang naising maging kaisa ang tao, yaon ay, maging ang buhay, ang panustos-buhay, at ang lahat-lahat ng tao—bb. 8-9:
1. Ang puno ng buhay ay sumasagisag sa Kristong naipako sa krus (ipinahiwatig sa puno bilang isang piraso ng kahoy—1 Ped. 2:24) at nabuhay na muli (ipinahiwatig sa buhay ng Diyos—Juan 11:25) bilang pagsasakatawan ng lahat ng kayamanan ng Diyos para sa ating pagkain.
2. Ang pagkain sa puno ng buhay, yaon ay, ang pagtatamasa kay Kristo bilang ating panustos-buhay, ay dapat ang pangunahing bagay sa buhay-ekklesia; ang tanggapin si Kristo sa pamamagitan ng pagkain sa Kanya ay ang asimilahin Siya tungo sa ating katauhan sa organiko at metabolikong paraan upang ihalo ang Kanyang sarili sa atin—Apoc. 2:7; Juan 6:57, 63:
a. Ang mga salitang isinasalita ng Panginoon ay espiritu at buhay; ito ay nagpapakita na ang mga isinalitang salita ng Panginoon ay ang pagsasakatawan ng Espiritu ng buhay—b. 63:
(1) Siya ngayon ay ang Espiritung nagbibigay-buhay na nasa pagkabuhay na muli (1 Cor. 15:45b), at ang Espiritu ay naisakatawan sa Kanyang mga salita.
(2) Kapag tinatanggap natin ang Kanyang mga salita sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing (Efe. 6:17-18) sa pamamagitan ng pag-ensayo ng ating espiritu, nakukuha natin ang Espiritu, na siyang buhay.
b. Ang kainin si Kristo ay ang kainin ang Kanyang mga salita, ang tanggapin ang Kanyang mga salita, na siyang pagsasakatawan ng Espiritu ng buhay, sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espritu—Jer. 15:16; Efe. 6:17-18; 1 Ped. 2:2; Heb. 5:13-14; Ezek. 3:1-4.

**III. Upang kunin, tanggapin, at tuparin ang salita ng Diyos, dapat tayong maging lubos na kaisa Niya:**

A. Ang kaso ni Gedalias ay ang kaso ng isang taong hindi kaisa ng Diyos; bagama't si Gedalias ay tapat sa pangangalaga kay Jeremias, ang propeta ng Diyos, hindi niya

hinanap ang salita ng Panginoon, sapagkat hindi ito ang kanyang kinagawian—Jer. 40:5-6, 13-14:

1. Hindi kinuha ni Gedalias ang Diyos bilang kanyang pinagmumulan upang maging kaisa Niya at upang tanggapin ang anumang nagmumula sa Kanya; kung siya ay naging tao na kaisa ng Diyos, ang unang bagay na kanyang gagawin ay ang tanggapin ang salita ng Diyos.
2. Upang kunin, tanggapin, at tuparin ang salita ng Diyos bilang kahayagan ng Kanyang kaisipan, ng Kanyang kalooban, ng naisin ng Kanyang puso, at ng Kanyang mabuting kaluguran, dapat tayong maging lubos na kaisa ng Diyos, nagtitiwala sa Kanya, umaasa sa Kanya, at walang anumang opinyon na nagmumula sa sarili—cf. 2 Cor. 1:8-9, at b. 12, talababa 2.
3. Ang prinsipyo ng Biblia, lalo na ng Bagong Tipan, ay yaong binubuksan ng Diyos ang Kanyang sarili sa atin upang tayo ay makapasok tungo sa Kanya, tanggapin Siya, at maging kaisa Niya; pagkatapos Siya ay mapapasaloob natin, at tayo ay mapapasaloob Niya, kinukuha Siya bilang lahat-lahat—Juan 15:4-5; 1 Juan 2:28; 3:24.
4. Ang unang bagay na kukunin natin ay ang Kanyang salita upang ihayag ang Kanyang kaisipan, ang Kanyang kalooban, ang naisin ng Kanyang puso, at ang Kanyang mabuting kaluguran; hindi natin pahahalagahan ang ating mga opinyon o mga kagustuhan; sa ganitong paraan, tayo ay magiging ang Kanyang tagapagsalita upang isalita Siya sa iba para sa kanilang tustos—Jer. 1:6-9.

B. Sinabi ng Panginoon kay Jeremias, "Kung bibigkasin mo ang mahalaga mula sa walang katuturan, / Ikaw ay magiging parang Aking bibig"—15:19; 23-29, cf. b. 16:

1. Kailangan nating maliwanagan ang mga mata ng ating puso upang makita ang dakilang kagalingan, ang pagiging unang pwesto, ang labis-labis na halaga, ni Kristo bilang ang kahalagahan sa Kanyang mga mananampalataya upang matamo si Kristo, inaaring kalugihan ang lahat ng bagay maliban kay Kristo—Fil. 3:7-8; 1 Ped. 2:7, cf. bb. 4, 6.
2. Dapat nating pahalagahan ang mga salita ng Panginoon nang higit kaysa sa ating pagkaing nakatakda, ninanamnam ang Panginoon sa Kanyang salita bilang realidad ng mabuting lupain na dinadaluyan ng nagpapalusog na gatas at sariwang pulot upang maipamahagi natin sa bayan ng Diyos para sa kanilang ganap na kaligtasan—Job 23:12; 1 Ped. 2:2-5; Awit 119:103; Deut. 8:8; A. A. 4:11a.
3. Dapat nating pahalagahan ang mga salita ng Panginoon nang higit kaysa sa lahat ng makalupang kayamanan upang makapagsalita tayo ng mga orakulo ng Diyos (pagsasalita ng Diyos, mga pag-usal ng Diyos, na naghahatid ng dibinong pahayag) upang ipamahagi ang mga di-malirip na kayamanan ni Kristo bilang ang iba't ibang biyaya ng Diyos sa lahat ng mga banal—Awit 119:72, 9-16; Efe. 3:8; 2 Cor. 6:10; 1 Ped. 4:10-11.

**IV. Ang lihim ng mga kabiguan at pagkatalo ng Israel ay yaong naiwala nila ang presensiya ng Diyos at hindi na sila kaisa ng Diyos (cf. Jos. 7:3-4; 9:14); dapat tayong laging makaisa ng ating Diyos, na hindi lamang nasa gitna natin bagkus gayundin ay nasa loob natin, ginagawa tayong mga taong may Diyos—mga Diyos-tao:**

A. Bilang mga Diyos-tao, kailangan nating sanaying maging kaisa ng Panginoon, lumalakad kasama Niya, namumuhay kasama Niya, at ginagawi ang ating buong katauhan na kasama Niya (Roma 8:4; 2 Cor. 2:10; Gal. 5:16, 25); ito ang paraan upang lumakad bilang

isang Kristiyano, upang makipaglaban bilang isang anak ng Diyos, at upang itayo ang Katawan ni Kristo; kung taglay natin ang presensiya ng Panginoon, nagiging kaisa Niya, mayroon tayong karunungan, panloob na pagkakita, paunang pagkakita, at panloob na kaalaman hinggil sa mga bagay; ang presensiya ng Panginoon ay lahat-lahat sa atin.

B. Ang katigasan ng ulo ng mga anak ni Israel sa pagkakasala laban sa Diyos ay dahil sa kanilang hindi pagiging kaisa ng Diyos (Jer. 42:1—43:2); kung sila ay naging kaisa ng Diyos, tinanggap sana nila ang salita ng Diyos at nalaman sana ang Kanyang puso, ang Kanyang kalikasan, ang Kanyang kaisipan, at ang Kanyang layunin; higit pa rito, kusa sana nilang ipinamuhay Siya at nabuuan sana Niya upang maging Kanyang patotoo sa lupa.

C. Yaong mga hindi kaisa ng Diyos ay hindi kinukuha ang Kanyang kalooban at mabuting kaluguran kundi inihahayag ang kanilang mga opinyon at ipinagpapatuloy ang kanilang mga kagustuhan; ang gawin ito ay ang iwaksi ang Diyos bilang ang pinagmumulan, ang bukal, ng mga buháy na tubig at gumawa ng mga sirang tipunan hindi makapaglaman ng tubig—2:13.

**V. Upang maging kaisa ng Diyos, kailangan natin si Kristo bilang ang Sanga ni David upang maging ating katubusan at pag-aaring matuwid; dinadala nito ang Tres-unong Diyos tungo sa atin upang maging ating buhay, ang ating panloob na kautusan ng buhay, ang ating kapasidad, at ang ating lahat-lahat upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa ating katauhan upang isagawa ang Kanyang ekonomiya; ito ang bagong kasunduan (31:33); sa kalaunan, makikilala natin ang Diyos, maipamumuhay ang Diyos, at magiging Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa Pagka-Diyos upang tayo ay maging ang Kanyang sama-samang kahayagan bilang ang Bagong Herusalem—23:5-6; 31:31-34, Apoc. 21:2.**

*© 2020 Living Stream Ministry*